


KAGAMITANG PAMPAGTUTURO AT AKADEMIKONG PAG-UNLAD
NG MGA MAG-AARAL SA UM PANABO COLLEGE

Undergradweyt Tesis na Iniharap
Sa Tesis komite ng UM Panabo College Panabo City

Bilang Bahagi sa Pagpapatupad ng mga Pangangailanagn
sa Asignaturang Fil.413




Ryan B. Boncales
Jemboy G. Caparoso
Jessa Lyn A. Dela Peña




Mayo 2021

DAHON NG PAGTANGGAP


Ang tesis na ito na may pamagat na **Kagamitang Pampagtuturo at Akademikong Pag-unlad ng mga Mag-aaral sa UM Panabo College** ay isinasagawa at ipinasa nina **Boncales, Ryan B., Caparoso, Jemboy G. at Dela Peña, Jessa Lyn A.** para sa pagtupad ng pangangailangan sa asignaturang Fil.413 sa Departamento ng Kaguruan (Department of Educator), UM Panabo College, lungsod ng Panabo ay buong tinanggap.


AMELIE L. CHICO, DM, FRIM
Research Coordinator


LIEZEL V. CHAN, Ph. D.
Dean of College
UM Panabo College

DAHON NG PAGPAPATIBAY AT PAG-EENDORSO


Ang tesis na ito na may pamagat na **Kagamitang Pampagtuturo at Akademikong Pag-unlad ng mga Mag-aaral sa UM Panabo College** ay isinasagawa at ipinasa nina **Boncales, Ryan B., Caparoso, Jemboy G. at Dela Peña, Jessa Lyn A.** para sa pagtupad ng pangangailangan sa asignaturang Fil.413 na sinuri, tinanggap at buong iniendorso.



JOYCE B. HERNANDO, MaEd
Tagapayo

LUPON NG TAGASURI

Tinanggap at sinang-ayunan pagkatapos ng pagsusuri sa panahon ng pinal na pagsusuri bilang katuparan sa pangangailangan ng Fil.413.

Buong sikap na inindorso para sa pagpapatibay ni Dr. Liezel V. Chan, Dekana ng Kolehiyo ng UM Panabo College, Panabo City.


JEANILYN E. TACADENA, Ph. D.
Tagapangulo


AMELIE L. CHICO, DM, FRIM
Kasapi

TESIS ABSTRAK

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang malaman ang makabuluhang ugnayan ng Kagamitang Pampagtuturo at Akademikong Pag-unlad ng mga Mag-aaral sa UM Panabo College, sa unang semester (1st sem) sa taong 2020-2021 gamit ang random sampling. Ang kagamitang pampagtuturo ay may indikektor na pagpapalano; pagdebelop at resulta o kinalabasan. Ang akademikong pag-unlad ay may indikektor na marka. Ito ay ginamitan ng non-experimental correlation na disenyo at istadistikang pamamaraan na Mean at Pearson (r). Ayon sa resulta ng pag-aaral nakakuha ang kagamitang pampagtuturo ng grand mean na 4.53 at ang akademikong pag-unlad naman ay nakakuha ng 89 bilang grand mean nito. Ang correlation balyu (R-value) ay 0.069 at ang P-balyu ay 0.556 na mas mataas kaysa sa 0.05 kung kaya ito ay nangangahulugan na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kagamitang pampagtuturo at akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral.

Susing kaalman: Kagamitang Pampagtuturo at Akademikong Pag-unlad

PASASALAMAT AT PAGKILALA

Ang mananaliksik ay taos-pusong nagpapasalamat sa mga taong naging bahagi sa isinagawang pananaliksik.

Una, sa **Poong Maykapal** na may lalang ng lahat ng bagay, sa Kanyang walang sawang pagbubuhos ng biyaya ng kaalaman at karunungan sa mananaliksik upang mapagtagumpayan ang gawaing ito;

Joyce B. Hernando, ang nagsilbing tagapayo sa kanyang walang sawang pagbibigay puna mula sa simula tungo sa ikaaayos ng papel ng pampananaliksik na ito.

Dr. Amelie L. Chico at Dr. Jeanilyn E. Tacadena, ang mga tagasuri na nagbahagi ng kanilang kahusayan sa mananaliksik sa pamamagitan ng pagbibigay puna upang maging maayos ang papel na ito;

Dr. Liezel V. Chan, ang naging statistician na nagbahagi ng kanyang kaalaman upang mabigyang linaw ang resulta ng pag-aaral na ito;

Sa mga magulang ng mananaliksik na sina **Mr. & Mrs. Boncales, Caparoso at Dela Peña** sa kanilang walang sawang paggabay at pagbibigay ng moral at pinansyal na suporta lalo na sa ikatatagumpay ng gawaing ito;

Sa mga kapamilya, mga kaibigan at lahat ng naging bahagi sa pagsasakatuparan ng gawaing ito, **MARAMING SALAMAT PO!**

Boncales, Caparoso, Dela Peña

PAGHAHANDOG

Ang tesis na ito ay taos-pusong inihandog ng mga mananaliksik sa kanilang mga pinakamamahal na mga magulang, kapatid, kaibigan, sa lahat ng mga taong nasa likod na sumusuporta sa pag-aaral na ito at higit sa lahat sa Poong Maykapal na may bigay ng lahat ng bagay sa mundo.

-Boncales

-Caparoso

-Dela Peña

TALAAN NG NILALAMAN

Pamagat	i
Dahon ng Pagtanggap	ii
Dahon ng Pagpapatibay at Pag-eendorso	iii
Tesis Abstrak	iv
Pasasalamat at Pagkilala	v
Paghahandog	vi
Talaan ng Nilalaman	vii
Talaan ng Talahanayan	x
Talaan ng Talaguhitan	xi
Kabanata	
1 ANG SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO	
Sanligan ng Pag-aaral	1
Paglalahad ng Suliranin	3
Haypotesis	4
Balangkas na Teoritikal at Konseptwal	4
Kahalagahan ng Pag-aaral	7
Depinisyon ng Terminolohiya	8
2 MGA KAUGNAYAN NA PAG-AARAL AT LITERATURA	10
3 METODO	
Disenyo ng Pananaliksik	17
Sabjek ng Pananaliksik	17
Instrumentong Pampananaliksik	19
Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos	21
Paraan at Istatistikang Ginamit sa Pananaliksik	22
4 PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS	
Lebel ng Kagamitang Pampatuturo	24
Lebel ng Akademikong Pag-unlad	32
Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Kagamitang	34

Pampagtuturo at Akademikong Pag-unlad.

5 BUOD, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Buod	37
Konklusyon	37
Rekomendasyon	38

TALASANGGUNIAN

APENDIKS

- A. Liham ng Pahintulot para sa Respondente
- B. Liham ng Pahintulot para sa Balidasyon sa Talatanungan
- C. Papel ng Balidasyon
- D. Talatanungan
- E. Grammarly Certification
- F. Certification of Appearance

PANSARILING DATOS

TALAAN NG TALAHAANAYAN**Talahaanayan**

1. Distribusyon ng mga Respondente	18
2. Lebel ng Kagamitang Pampagtuturo	25
3. Lebel ng Akademikong Pag-unlad	33
4. Walang Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Kagamitang Pampagtuturo at Akademikong Pag-unlad	35

TALAN NG TALAGUHITAN

Talaguhitan

1. Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral 5

KABANATA 1

Ang Suliranin at Kaligiran nito

Sanligan ng Pag-aaral

Mag-aaral ang pinakamahalagang asset ng isang paaralan. Ang karunungan at kakayahan na natamo ng isang mag-aaral sa ilang taon na pag-ukol ng panahon sa pag-aaral ay nasasalamín sa kanyang akademikong pag-unlad. Ang akademikong pag-unlad ay may malaking bahaging ginagampanan sa lipunan sapagkat ito ay mahalagang batayan o kwalipikasyon sa paghubog ng mga magagaling na indibidwal na s'yang maaaring magiging susunod na lider at mangagawa na s'yang may responsibilidad sa pagpapaunlad ng pang-sosyo at ekonomiya ng isang bansa. Subalit, ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral ay nahaharap sa iba't ibang suliranin na napatunayan sa mababang marka na nakuha sa pagsusulit ng mga mag-aaral para makapasok sa mga pampubliko at pribadong kolehiyo o unibersidad. Dagdag pa rito, ay ang mga mababang ratings na nakuha ng mga mag-aaral na kumukuha ng pampublikong pagsusulit taon-taon sa iba't ibang larangan ng propesyon. Ang kadahilan ng mga suliraning ito ay maiuugnay sa reyalidad na nahhirapan ang mga mag-aaral sa pagpapaunlad sa kognitibong kakayahan sa pag-unawa sa mga paksa gawa ng iilang salik pang-edukasyon at pang-indibidwal na nagdudulot ng negatibong epekto sa kanilang akademikong pag-unlad

Sa bansang Nigeria, may malaking kinakaharap na suliranin sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral na pinatunayan na sa taon-taon kapag inilabas na ang publikong resulta ng pagsususulit sa iba't ibang larangan

ng propesyon ay palaging mayroong malaking kabiguan sa resulta ng mga kumukuha nito. Ang kadahilanan dito ay maiugnay sa katotohanan na may mga paksa na nagdudulot ng malubhang problema sa pag-unawa ng mga mag-aaral na nakakaapekto sa akademikong pag-unlad ng mga ito (Nja C.O at Obi, J.J ,2019).

Sa kabilang banda, sa pambansang lebel, isang pag-aaral ang isinagawa nila Lowell A. Quisumbing, Las Johansen B. Caluza, Devine Grace D. Funcion, Micheline A. Gutardo, Rommel L. Verecio at Jeffrey C. Cinco (2017) sa Leyte Normal University, Philippines. Base sa resulta ng kanilang pag-aaral ang pagkatuto para itaas ang kaisipang pangangatwiran ng mga mag-aaral ay nahaharap sa matinding suliranin na nakakaapekto sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral na kung saan ang dahilan ay ang mga salik pang-edukasyon at pang-indibidwal na mayroong malaking epekto sa pagtamo ng kakayahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa UM Panabo College, mapapansin na may iilan parin sa mga mag-aaral na nahihirapan sa kanilang pag-aaral na nagiging resulta ng mababang marka. Ayon sa isang mag-aaral marahil ilan sa mga dahilan ng mababang marka ay ang mga salik pang-edukasyon at pang-indibidwal na kung saan nahihirapan sila sa pag-unawa sa mga paksang tinatalakay. Sa kabilang banda ayon sa isang propesor maaaring may epekto sa akademikong pag-unlad ng mag-aaral ang mga pamamaraan na ginagamit ng mga guro dahil sa pamamagitan nito nakukuha ang interest ng mga mag-aaral at mas mapapadali ang mga gawain nito. Gayun din, maaaring nakakatutulong ang mga ito sa mag-aaral upang mas mapalawak ang kanilang kaalaman.

Dahil dito isang pag-aaral ang isinagawa sa UM Panabo College upang alamin kung may kaugnayan o relasyon ang paggamit ng kagamitang pampagtuturo sa akademikong pag-unlad ng isang mag-aaral. Kaugnay nito ang pag-aaral na ito ay dinisenyo upang suriin kung maayos ba na naihahanda at nailalahad ang mga kagamitang pampagtuturo.

Paglalahad ng Suliranin

Ninanis ng mga mananaliksik na magkaroon ng ibayong pag-aaral hinggil sa kung mayroong makabuluhang ugnayan ang mga kagamitang pampagtuturo sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral.

Layunin din ng pag-aaral na ito na masagutan ang mga sumusunod na katanungan:

- 1 Ano ang lebel ng kagamitang pampagtuturo sa akademikong pag-unlad sa tersyarya batay sa;
 - 1.1 pagpapalano;
 - 1.2 pagdedebelop; at
 - 1.3 resulta o kinalabasan?
- 2 Ano ang lebel ng akademikong pag-unlad batay sa marka?
- 3 Mayroon bang makabuluhang ugnayan ang kagamitang pampagtuturo sa akademikong pag-unlad?

Haypotesis

Batay sa pahayag na inilahad bilang dalawa na suliranin ang mga mananaliksik ay nakabuo ng ***null haypotesis*** na walang makabuluhang ugnayan o relasyon sa pagitan ng kagamitang pampagtuturo sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral at malayo ito sa 0.05 na pamantayan sa pagkamakabuluhan nito.

Balangkas na Teoritikal at konseptwal

Ang balangkas na teoritikal ay naglalaman ng iba't ibang mga teorya na sumusuporta sa relasyon sa pagitan ng kagamitang pampagtuturo at akademikong pag-unlad ay ang sumusunod:


Nakabatay ang pag-aaral na ito sa ginamit na teorya ng ANECA Institutional Evaluation Program (2007) na nagsabing na ang mga kagamitang pampagtuturo na ginagamit ng guro sa pagpapaunlad sa pagkatuto ng isang mag-aaral ay direktang nakakaapekto sa kanilang akademikong pag-unlad na kung saan nakukuha ang interest, atensyon at napapadali ang pagtuturo ng mga mahihirap na paksa sa mga mag-aaral. Binanggit sa teoryang ginamit na ang proseso ng pagtuturo-pagkatuto ay mahalagang sa mga unibersidad, kung saan ang mga guro ay dapat hindi lamang hanggang disenyo at pagpapakita ng mga nilalaman ng mga paksang nabuo kung hindi kinakailangan nilang ikonsidera ang mga gagawing pagpapalano, pagdedebelop at ang mga magiging resulta o kinalabasan ng mga pamamaraan at kagamitang gagamitin sa pagtuturo upang matugunan ang pagkatuto at ipataas ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral.

Isinasaad naman sa “teaching evaluation theory” na ang akademikong pag-unlad ng isang mag-aaral ay positibong natutugunan kung ang paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo ay batay sa mga kakayahang propesyonal na naglalayong magbigay ng pag-aaral na may kabuluhan at kapaki-pakinabang, at magsisilbing isang hanay ng kaalaman, pag-uugali, kasanayan, at pagpapahalaga sa pagpapaunlad ng propesyonal na aktibidad, na kinasasangkutan ng mag-aaral sa isang aktibong pamamaraan, at kritikal na pag-iisip. Kung saan nagagamit ang mga istilo ng sariling kakayahan na naghihikayat sa awtonomiya na magpapadali sa integrasyon ng kaalamang nakukuha ng mag-aaral na natututunan batay sa mga pamamaraan at kagamitang pampagtuturo na ginagamit ng mga guro na nakatutulong sa akademikong pag-unlad. (Kuzmanovic, Savic, Gusavac, MakajicNikolic, at Panic 2013)


Ipinapakita sa talaguhitan 1 ang malayang baryabol sa pag-aaral na ito: kagamitang pampagtuturo na mayroong mga tuntuning: *pagpapalano na tumutukoy sa lahat ng nauugnay sa mga nakaraang proseso sa pagdidisenyo, Sa pagdedebelop* naman ito ay nagsasangkot ng lahat ng nauugnay sa pagpapatupad at pagsunod sa kurikulum, mga aktibidad na pagtuturo at pag-aaral na isinagawa, inaasahang mga gawaing pedagogical, pati na rin inilapat na mga pamamaraan ng pagsusuri. Ang *resulta o kinalabasan* na tumutukoy sa mga tuntunin ng pang-edukasyon na layunin, sa mga nagawa ng mga mag-aaral, at sa mga aspeto na kinasasangkutan ng pagbabago at pagpapabuti ng aktibidad ng pagtuturo at paglikha ng mga kagamitang pampagtuturo.

Akademikong pag-unlad ang hindi malayang baryabol sa pag-aaral na may indikektor: *Marka* na tumutukoy sa nakamit na antas sa pag-aaral na na-

Malayang baryabol



Hindi malayang baryabol



Talaguhitan 1: Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral

kumpleto ng isang mag-aaral.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sapagkat mapapakinabangan ito ng mga sumusunod:

Tagapangasiwa ng Paaralan. Ang impormasyon na maibibigay ng pag-aaral na ito ay magsisilbing batayan sa pagpapaunlad ng kurikulum maging sa pagpapatakbo ng mga programa nang maayos. Ang resulta ay makapagbibigay ng mga kinakailangang impormasyon na magbibigay nang balanse sa sistema ng edukasyon ng paaralan sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang ng mga kagamitang pampagtuturo upang makalinang ng kakanyahan ng mga mag-aaral sa pagpapaunlad ng kanilang akademikong pag-unlad.

Program Head. Ang impormasyon na maibibigay ng pag-aaral na ito ay makakatulong upang magkaroon ng modepikasyon at rebisyon sa mga pamamaraan at kagamitang ginagamit upang matugunan ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral

Mga Guro. Makakakuha sila ng kaalaman at makapagmunimuni hinggil sa kung papaano ilalahad at gagamitin ng angkop at wasto ang mga kagamitang pampagtuturo upang mas mapaunlad ang akademikong perormans ng kanilang mga estudyante.

Mga Magulang. Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay sa pagbubukas mata ng magulang para sa anak na lalo pang makapagbibigay gabay at suporta ukol sa pagiging responsabli sa pag-aaral ng kanyang anak sa mga asignatura.

Mga Mag-aaral. Mas magkakaroon sila ng interes sa pag-aaral kung maayos na nagagamit ang kagamitang pampagtuturo upang mas madaling maunawaan at makatulong sa akademikong pag-unlad.

Depinisyon ng Terminolohiya

Ang mga sumusunod na terminolohiya ay ginamit sa pananaliksik.

Kagamitang pampagtuturo. Ang konseptwal na kahulugan nito ay ang kagamitang pampagtuturo ay mga aparato na binuo upang matulungan o mapadali ang guro sa paghahatid ng isang organisadong kaalaman, kasanayan at pag-uugali sa mga mag-aaral. Ito ay tumutukoy sa mga aklat, sangguniang teksto, tisa at pisara, kompyuter na presentasyon, at iba pa na kagamitang pampagtuturo na nakatutulong sa pagtatalakay at pagtuturo.

Sa operasyonal na pagpapakahulugan, ito ay tumutukoy sa pagpagpapalano, pagdedebelop at resulta o kinalabasan.

Akademikong pag-unlad. Ang konseptwal na kahulugan ng akademikong pag-unlad ito ay tumutukoy sa nakamit na kaalaman at itinalaga ng mga marka, na itinalaga ng guro. Sa konteksto ng edukasyon, ang akademikong pag-unlad ay ang layunin sa edukasyon na makakamtan ng isang mag-aaral, guro at isang institusyon sa isang tiyak na panahon. Ito ay sinusukat gamit ang

pagsusulit o tuloy-tuloy na pagtataya at ang layunin ay maaring naiiba mula sa isang indibidwal o institusyon (Anshu Narad at Bilkees Abdullah 2016).

Sa operasyunal na pagpapakahulugan, ang akademikong pag-unlad ay tumutukoy sa marka.

Kabanata 2

MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL AT LITERATURA

Sa kabanatang ito inilahad ang mga kaugnay na pananaliksik na nagbibigay dokumentasyon at suporta sa layunin ng pag-aaral na ito.

Kagamitang Pampagtuturo

Ayon kina Faize at Dahan (2011) ang kagamitang pampagtuturo ay mga Kagamitan na naka print at hindi naka-print na disenyo na nagbibigay impormasyon sa mag-aaral sa proseso ng pang-edukasyon. Sa isinagawang pag-aaral ni Eya (2004) ang mga kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo ay nagpapasigla ng interes ng mga nag-aaral; na tumutulong sa mga guro at mga mag-aaral upang mapagtagumpayan ang pisikal na limitasyon sa panahon ng pagtatanghal ng paksa at napakahusay para sa pagpapanatili ng mga talaan at iba pang mga dokumento.

Ayon naman kay Abimbola (2016) sa kahalagahan ng mga kagamitang pampagtuturo sa proseso ng pagtuturo at pag-aaral, binigyang diin niya na ang pangunahing layunin ng mga kagamitang panturo ay gawing mas mabisa ang pagkatuto at mapadali din ito. Sinabi pa niya na ang mga guro ay hindi magagawang magawa kung saan ang mga materyal na ito ay hindi magagamit, samakatuwid ay kinakailangan ng improbisasyon.

Sa kabilang banda, ang mga kagamitang pampagtuturo ay tumutulong sa guro na matugunan ang mga indibidwal na pagkakaiba ng mga nag-aaral

sa klase sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito na umaakit sa iba't ibang pandama (Morohunfola, 2015).

Pagpaplano. Sa pagpaplano ng mga kagamitang pampagtuturo, ang mga materyales ay dapat munang magkaroon ng isang malinaw na koneksyon sa layuning pang-edukasyon at tugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral (Byrd 2001). Ayon naman kina Ololobon, Jacob and Ndazhaga (1999) ilan sa mga bagay na dapat isaalang-alang ng guro sa pagpaplano ng kagamitang pampagtuturo ay ang pagsasaalang-alang sa edad at kakayahan ng mag-aaral, ang mga kagamitang pampagtuturo ay dapat na naiuugnay sa layunin ng aralin, at may tamang impormasyon.

Sa pag-aaral na isinagawa nina Kuzmanovic, Savic, Gusavac, MakajicNikolic, at Panic (2013) ang pagpaplano ng mga kagamitan at pamamaraang gagamitin ng guro sa pagtuturo ay tumutukoy sa lahat ng nauugnay sa mga nakaraang proseso sa pagdidisenyo ng paksa sa (kurikulum, mga kurso, lab, tutorial, pagpaplano ng mga inaasahang aktibidad sa pag-aaral, pamantayan sa pagsusuri at pamamaraan, mga materyales sa pagtuturo at mapgkukunan) na nagiging gabay upang makatulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, iminungkahi ni Nkuuhe et al (1995) bago makagawa ng anumang kagamitang pampagtuturo ay dapat maplano ng mabuti. Isaalang-alang ang mga layunin na dapat makamit. Ayon din sa kanya may tatlong bahagi ang pagpaplano ng kagamitang pampagtuturo ito ay **“pre-design, design and post- design”**.

Pagdedebelop. Ang pagdedebelop ng epektibong kagamitang pampagtuturo upang matugunan ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay dapat magsimula ang guro sa pamamagitan ng pag-aaral kung ano ang dapat malaman ng mag-aaral sa pagtatapos ng kurso at kung paano maipapakita ang pagkatuto (Sims, Sims, 1995).

Ang kagamitang pampagtuturo ay napakahalaga sa pagkatuto at sa akademikong pag-unlad ng isang mag-aaral. Ito ay nasa anyo ng aklat, sangguniang teksto, tisa at pisara, computer at iba pang mga materyal na mahalaga at kapakipakinabang sa talakayan at pagkatuto. Ang mga kagamitang pampagtuturo ay isang kilalang kadahilanan tungo sa akademikong pag-unlad. Kaya likas na para sa guro na bumuo o magdebelop ng mga kagamitang pampagtuturo upang gabayan ang mag-aaral sa kanilang akademikong pag-unlad (Quisumbing et al.2017). Ayon naman nila Oladejo, Olosunde, Ojebisi at Isola (2011) Ang kagamitang pampagtuturo ay makadaragdag, makalililaw, makapagpasigla, makapagbigay- diin sa pagtuturo at mapahusay ang pagtuturo sa proseso ng paghahatid ng kaalaman, ideya, kasanayan at pag-uugali.

Ayon sa isinagawang pag-aaral nila George at Amadi (2016) upang makabuo ng mga mabisang kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa akademikong pag-unlad, ang nagtuturo ay dapat magkaroon ng sapat na mga kasanayan. Ang pagkakamit ng mga kasanayan ay maaaring magawang posible sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay at kaalaman sa pangunahing alintuntunin at elemento ng pag-iimbento o pagdedebelop.

Sa kabilang banda ang kagamitang pampagtuturo ay dapat nakabatay sa kurikulum at angkop para sa layunin ng pagtuturo at pag-aaral ng mga mag-aaral (Tominez et al. 2013).

Ayon kina Branch at Kopcha (2014) Ang pagdedebelop ng mga kagamitang pampagtuturo ay dapat nagtataglay ng **“systematic approach and more defined model”**.

Resulta o kinalabasan. Ayon sa pananaliksik na isinagawa nila Pozo, Bretones, Martos at Alonso (2011) Ang mga resulta, sa mga tuntunin ng mga layunin sa edukasyon, ay tumutukoy sa mga nakamit ng mga mag-aaral, at sa aspetong kinasasangkutan ng rebisyon at pagpapabuti ng aktibidad ng pagtuturo, panlabas na pagkilala sa mga tungkulin sa pagtuturo, at paglikha ng mga kagamitang pampagtuturo. Pinapadali ng guro ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay sa mag-aaral ng mahalagang feedback sa kanilang pag-unlad na natutunan at pagtulong sa kanila sa mga problema sa pag-aaral (Bloom, Madaus, at Haston,1981, Stiggins, 2002).

Sa kabilang banda ayon sa pag-aaral na isinagawa nila Roseline, Olufunte Bukoye,2019 ang mga kagamitang pampagtuturo ay mahalagang kagamitan sa pag-aaral ng bawat paksa sa kurikulum ng paaralan. Ito ay nagbibigay sa mga mag-aaral na makaugnay sa mga salita, simbolo at ideya sa mga paraan upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbabasa, pakikinig, pagtuklas, pagtingin, pag-iisip, pagsasalita at pagsusulat. Upang gawing mas epektibo ang mga kagamitang pampagtuturo na gagamitin ito ay dapat pagkasunduan at nailalahad ng maayos sa pagsisismula palang ng term (Pietersen, 2014).

Karagdagan pa rito, ang mga mag-aaral ay binibigyan ng pagkakataon na magdesisyon, malutas ang mga problema, pagdedesinyo ng proyekto at iba pa. Ito ay sa paggamit ng istilong *self-regulated* na nagpapadali sa integrasyon ng kaalaman na makukuha ng isang mag-aaral (Leany, Walker, Shelton at Harrison, 2013).

Akademikong Pag-unlad

Ang akademikong pag-unlad ay tumutukoy sa nakamit na kaalaman at itinalaga ng mga marka, na itinalaga ng guro. Sa konteksto ng edukasyon, ang akademikong pag-unlad ay ang layunin sa edukasyon na makakamtan ng isang mag-aaral, guro at isang institusyon sa isang tiyak na panahon. Ito ay sinusukat gamit ang pagsusulit o tuloy-tuloy na pagtataya at ang layunin ay maaring naiiba mula sa isang indibidwal o institusyon (Anshu Narad at Bilkees Abdullah 2016).

Nagsagawa ng iba't ibang mga pag-aaral sa mga salik na nakakaapekto sa akademikong pag-unlad o nakamit ng mga mag-aaral sa mga paaralan, kolehiyo at unibersidad. Ang ilan sa mga kadahilanan na natukoy at naiulat na naapektuhan ang pagganap ng akademiko ng mga mag-aaral sa iba't ibang mga setting na ito ay: pagsisikap ng mag-aaral, dating pagganap na pang-edukasyon, pagganyak sa sarili, katayuan sa pang-ekonomiya ng mga magulang ng mga mag-aaral, edad ng mga mag-aaral, bilang ng mga oras ng pag-aaral bawat araw, mga puntos sa pagpasok, iba't ibang mga kwalipikasyon sa pagpasok, mga uso sa pagtuturo at lugar ng paninirahan ng mga mag-aaral

(Farooq, Chaudry, Shafiq & Berhanu, 2011; Ali, Haider, Munir, Khan & Ahmed, 2013).

Ang pag-unlad ng isang mag-aaral ay bahagi ng edukasyon pati na rin sa proseso ng pagkatuto. Ito ay itinuturing na pangunahing pamantayan para husgahan ang kabuuang potensyal at kakayahan (Nuthana & Yenagi, 2009) na kung saan nasusukat sa pamamagitan ng resulta sa pagsusuri. Ginagamit ito upang maipasa ang husay sa kalidad ng edukasyon na maibigay ng isang pang akademikong institusyon na naging sanhi ng matinding pag-aalala sa mga guro, ang nakakaalarmang pagsusuring pagganap ng mag aaral.

Marka. Ayon kay Rick Wormeli (2008), ang marka ay kumakatawan sa isang malinaw at tama na pagpapahiwatig ng kung ano ang alam at magagawa ng isang mag-aaral. Sinusukat ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral gamit ang *Grade Point Average* (GPA), rate ng pagtatapos sa high school, taunang pamantayan ng pagsubok at pagsusulit sa pasukan sa kolehiyo. Ayon naman kay Scrifanny (2008) ang mga mag-aaral ay namamarkahan alinman sa kabuuhan o halos sa ganap na pag-usad patungo sa layunin ng pag-aaral. Ang marka ay isang mahalagang elemento sa akademikong pag-unlad ng mga kasapi ng kultura sa pamamagitan ng pagganap (Romanowski, 2004)

Nagsagawa ng isang pag-aaral si Garton et al (2000) sa mag-aaral na nasa unang taon sa kolehiyo upang suriin ang akademikong pag-unlad. Ayon sa kanya mahusay na gamitin ang *Grade Point Average* (GPA) upang malaman at makamit ang akademikong pag-unlad.

Sa kabilang banda, ayon kina Snowman at Beihler (2003) ang nag-iisang layunin ng marka ay maipaalam sa iba ang antas ng akademikong pag-

unlad na nakuha ng isang mag-aaral. Dagdag pa nila, Kung ang pagkuha ng marka ay di tama upang malaman ang akademikong pag-unlad ng isang mag-aaral ay di nito ipinapahayag ang katotohanan tungkol sa akademikong pag-unlad ng isang mag-aaral.

KABANATA 3

METODO

Ang bahaging ito ay binubuo ng disenyo ng pag-aaral; subjek ng pananaliksik; instrumento ng pananaliksik; mga pamamaraan sa paghahanda ng instrumentong ginamit sa pagsusuri, sa pag-aaral at pangangalap ng datos.

Disenyo ng Pananaliksik

Ginamitan ng *descriptive-correlation method* ang pag-aaral na ito na kung saan ibinatay sa obserbasyon ng *non-experimental event or events* na pagbabatayan ng teorya o kongklusyong malilikha upang pangatwiran ang obserbasyon (Harcourt, 2016). Ang pag-aaral na ito ay ginagamitan ng ganitong uri ng metodo upang ilarawan ang dalawang baryabol na pinag-aaralan. Ang mga datos tungkol sa kagamitang pampagtuturo at akademikong pag-unlad ay kinuha at ang kanilang ugnaya ay tinukoy.

Ang mga mag-aaral na nagsilbing mga respondente ay tinaya gamit ang istandardistikong talatanungan bilang panukat na kagamitan. Ang resulta ng ebalwasyon maging ang datos ay tinipon; hinanay; sinuri at binigyang-kahulugan upang tukuyin kung mayroon o walang mahalagang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol.

Sabjek ng Pananaliksik

Ang mga mag-aaral ng UM Panabo College, partikular ang mga mag-aaral na nagsipagkuha ng edukasyong pansekundarya na nagpatala bilang

Talahanayan 1**Respondente**

Programa	Ikalawang Taon	Ikatlong Taon	Ikaapat na Taon
Filipino	12	8	5
English	11	10	8
Mathematics	11	8	6
Kabuuan= 75			

mga mag-aaral sa ikalawang taon sa larangan ng Filipino (12); sa Ingles (11); sa Matematika (11); Ikatlong taon sa larangan ng Filipino (8); sa Ingles (10); sa Matematika (8); sa Ikaapat na taon sa larangan ng Filipino (5); sa Ingles (8); sa Matematika (6) ay nagsilbing mga respondente sa pananaliksik na ito na may 75 na respondente.

Instrumentong Pampananaliksik

Ginamit ng mga mananaliksik ang istandardistikong surbey na palatanungan nina Juan Antonio Moreno – Morcia, Yolanda Silveira Torregoza at Noelia Belando (2015) na binatay sa **(CEID [Centro de Estudios e Investigaciones Docentes (Center for Teaching Studies and Research)])** na nagmula sa **ANECA Institutional Evaluation Program (2007)** upang tukuyin kung ang kagamitang pampagtuturo ay nagagamit ng guro sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang pagkamakatutuo ng instrumentong ito bilang panukat na kagamitan ay ikinonsedera sa pag-aaral na ito.

Upang tukuyin kung ang kagamitang pampagtuturo ay nagagamit ng guro sa akademikong pag-unlad, ang mga sumusunod na panukatan ay ginamit:

Panukatan

Paglalarawan

Interpretasyon

4.21-5.00	Napakataas	Ito ay nangangahulugan na ang kagamitang pampagtuturo ay palaging napapalawak
3.21-5.00	Mataas	Ito ay nangangahulugan na ang kagamitang pampagtuturo ay madalas napapalawak
2.61-3.40	Katamtaman	Ito ay nangangahulugan na ang kagamitang pampagtuturo ay minsan napapalawak
1.81-2.60	Mababa	Ito ay nangangahulugan na ang kagamitang pampagtuturo ay bihirang napapalawak
1.00-1.80	Napakababa	Ito ay nangangahulugan na ang kagamitang pampagtuturo ay hindi kailanman napapalawak

Upang tukuyin ang lebel ng akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral, ang mga mananaliksik ay ginamit ang *Grading System* ng UM Panabo College. Ang pagkamakatuto ng instrumentong ito bilang panukat na kagamitan ay ikinonsedera sa pag-aaral na ito.

Upang tukuyin ang lebel ng akademikong pag-unlad ng mag-aaral, ang mga sumusunod na panukat ay ginamit.

Panukatan

Paglalarawan

Interpretasyon

96.00-100.00	Napakataas	Ito ay nangangahulugan na ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ay palaging naipamamalas.
91.00-95.00	Mataas	Ito ay nangangahulugan na ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ay madalas na naipamamalas
86.00-90.00	Katamtaman	Ito ay nangangahulugan na ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ay minsan naipamamalas.
81.00-85.00	Mababa	Ito ay nangangahulugan na ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ay bihirang naipamamalas.
81.00-85.00	Napakababa	Ito ay nangangahulugan na ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ay hindi naipamamalas.

Pamaraan sa Pangangalap ng Datos

Ang mga sumusunod ay mga hakbang na isinagawa ng mga mananaliksik sa pagkuha ng mga datos.

Balidasyon. Ang mga mananaliksik ay nagbigay ng isang liham sa mga balideytors ng UM Panabo College na siyang sususri sa istandardistikong surbey na palatanungan na prinisenta ng mga mananaliksik.

Pahintulot sa paggawa ng pag-aaral. Ang mga mananaliksik ay nagbigay ng liham pahintulot sa pamunuan ng paaralan upang hayaan ang mga mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral.

Pahintulot sa mga mag-aaral. Ang mga mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa mga mag-aaral na makuha ang kanilang General Weight Average (GWA) o kabuuang marka upang maisakatuparan ang pananaliksi.

Administrasyon at pagkuha ng mga talatanungan. Ang surbey ay isinagawa ng mga mananaliksik sa mga mag-aaral ng UM Panabo College partikular sa mga mag-aaral na nagsipagkuha ng kursong Edukasyong Pansekundarya ng paaralan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga katanungang nasa *Google Form* na alternatibong paraan sa pagkalap ng mga datos sa gitna ng pandemyang nararanasan sa kasalukuyan.

Pag-aanalisa at interpretasyon ng mga datos. Pagkatapos ng isinagawang surbey, ang mga datos ay tinipon at sinuri. Ang mga resulta kinalkula at inihanay.

Paraan at Istatistikong Ginamit sa Pananalik

Ang mga sumusunod ay mga istatistikong kagamita na ginamit sa pagpapakahulugan sa mga datos na nakalap.

Mean. Ito ay ginamit upang tukuyin ang lebel ng impluwensiya ng kagamitang pampagtuturo sa akademikong pag-unlad.

Pearson Product-Moment Correlation Coefficient. Ito ay ginagamit upang tukuyin kung mayroon o walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kagamitang pampagtuturo at akademikong pag-unlad.



KABANATA 4

PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA

DATOS

Ang kabanatang ito ay naglahad ng pagsusuri at pagpapakahulugan sa mga datos sa nakalap sap ag-aaral upang masagut ang mga problemang inilahad sa unang kabanata. Ang mga datos ay inilahad sa isang talahanayan at inayos batay sa problemang tinukoy. Ito ay sinundan ng diskusyon hinggil sa pagsusuri at implikasyon nito sa ginawang pag-aaral.

Lebel ng Kagamitang pampagtuturo

Inilahad sa ikalawang talahanayan ang lebel ng Kagamitang pampagtuturo na kung saan ito ay nahahati sa tatlong indikektor at ito ay ang: pagpaplano; pagdedebelop at resulta o kinalabasan. Ipinakita sa datos na napakataas ang lebel ng kagamitang pampagtuturo na may grand mean 4.53 na nangangahulugan na ang kagamitang pampagtuturo palaging napapalawak ayon sa obserbasyon at pagtataya ng mga mag-aaral na nagsilbing mga respondente.

Ang unang indikektor, pagpaplano, ay minarkahan ng lebel na napakataas na may over-all mean na 4.54 na nangangahulugan na ang kagamitang pampagtuturo ay palaging napapalawak batay sa obserbasyon ng mga mag-aaral. Ang pinakamataas na mean sa indikektor na ito ay nasa unang bilang na may pahayag na, *Ang guro ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa layunin, bibliography, tutorial, mga nilalaman at*

gumamit ng salitang madaling maintindihan na angkop sa kurikulum na may mean 4.61 at may napakataas na lebel na nangangahulugan ang kagamitang

Talaanayan 2

Lebel ng Kagamitang Pampagtuturo

A. Pagpapalano

Pahayag	Mean	Pagpapakahulugan
1.) Ang guro ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa layunin, bibliography, tutorial, mga nilalaman at gumamit ng salitang madaling maintindihan na angkop sa kurikulum	4.61	Napakataas
2.) Ang guro ay gumagawa at ini-uugnay ang mga paksa na nasa silid-aralan at mga paksa nasa lab	4.43	Napakataas
3.) Ang guro ay mahusay na ginagamit ang ICT's (Mga Teknolohiya sa Impormasyon at Komunikasyon)	4.43	Napakataas
4.) Ang guro ay mayroong mahusay na kaalaman	4.58	Napakataas
Over-all mean	4.54	Napakataas

B. Pagdedebelop

Pahayag	Mean	Pagpapakahulugan
---------	------	------------------

1.) Ang guro ay nagpapakita ng sapat na nilalaman ng kanyang paksa, naaayon sa kaalaman ng mag-aaral.	4.58	Napakataas
2.) Ang guro ay madaling malapitan (tutorial, e-maits atbp.)	4.51	Napakataas
3.) Ang guro ay nagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na ayusin at gawin ang mga gawain na kinakailangan sa kurso	4.57	Napakataas
4.) Ang guro ay nagpapakita ng malinaw na nilalaman at lohikal na balangkas, bibigyang diin ang mga mahahalagang aspeto.	4.58	Napakataas
5.) Ang guro ay nagbibigay pagkakataon at nanghihikayat sa mag-aaral na makilahok.	4.53	Napakataas
6.) Ang guro ay nagtataguyod ng indibidwal na Gawain	4.55	Napakataas
7.) Ang guro ay nag- tataguyod ng pagtutulungan	4.55	Napakataas
8.) Ang guro ay iniuugnay ang pagtuturo sa propesyonal na kapaligiran	4.54	Napakataas
9.) Ang guro ay nag-bibigay ng pauna at pang- wakas na pangkalahatang ideya ng talakayan sa klase	4.59	Napakataas
10.) Ang guro ay naghihikayat sa interest at motibasyon ng mga mag-aaral sa pagkatoto	4.55	Napakataas
11.) Ang guro ay tumutulong sa interaksyon ng mag-aaral sa kapwa mag-aaral at professor.	4.55	Napakataas
12.) Ang guro ay mahusay at malinaw na sasagot ang mga katanungan na tinatanong sa klase.	4.49	Napakataas

13.) Ang aking guro ay dumadalo sa mga tutorial na hinihiling sa kanya	4.42	Napakataas
14.) Ang guro ay nagpapanatili ng isang layunin at magalang na pakikitungo sa mga mag-aaral.	4.54	Napakataas
15.) Ang guro ay nag-o-organisa ng mga aktibidad para sa mag-aaral upang makilahok sa mga gawain	4.54	Napakataas
16.) Ang guro ay ini-uugnay-ugnay ang mga paksa sa ibang kurso gamit ang mga kagamitang pampagtuturo	4.50	Napakataas
17.) Ang guro ay gumagamit ng kasiya-siyang pakikipag-ugnayan sa mga mag-aral sa kanilang pagkatuto	4.50	Napakataas
Over-all mean	4.53	Napakataas

C. Resulta o Kinalabasan

Pahayag	Mean	Pagpapakahulugan
1.) Ang guro ay ipinapaalam sa mga mag-aaral ang mga kakayahan	4.43	Napakataas
2.) Ang guro ay nagbibigay ng syentipikong impormasyong nagiging daan upang mas matuto	4.46	Napakataas
3.) Ang guro ay nagbibigay ng pagsusuri at isang kritikal na presensya sa mga mag-aaral	4.53	Napakataas
4.) Ang guro ay ginagamit ang kurikulum na may kakayahang umangkop para sa isang mas mahusay na uri ng klase.	4.58	Napakataas
5.) Ang guro ay gumagamit ng mga kagamitang nagpapadali sa pagtuturo	4.54	Napakataas

6.) Ang guro ay gumagawa ng mga nilalaman at bumubuo sa kurso upang paunlarin ang pagkamit ng mga kakayahan.	4.55	Napakataas
7.) Ang guro ay inilalapat ang pamantayan sa pagtatasa ng mga aktibidad nasa kurikulum	4.58	Napakataas
Over-all mean	4.52	Napakataas
<hr/>		
GRAND MEAN	4.53	Napakataas
<hr/>		

Liyenda:

Panukatan	Paglalarawan
4.21-5.00	Napakataas
3.41-4.20	Mataas
2.61-3.40	Katamtaman
1.81-2.60	Mababa
1.00-1.80	Napakababa

pampagtuturo ay palaging napapalawak. Ang pinakamababang mean ay nasa bilang ikalawa na bilang na may pahayag na, *Ang guro ay gumagawa at ini-uugnay ang mga paksa na nasa silid-aralan at mga paksa nasa lab.* At ang ikatlong bilang na may pahayag na, *Ang guro ay mahusay na ginagamit ang ICT's (Mga Teknolohiya sa Impormasyon at Komunikasyon,* na may mean na 4.43 na minarkahan na bilang napakataas.

Gayon din, minarkahan ng napakataas na lebel ang bilang na ikaapat na may pahayag na, *Ang guro ay mayroong mahusay na kaalaman* na may mean na 4.58 na nangangahulugan na ang kagamitang pampagtuturo ay palaging napapalawak.

Sa pagpapalano ng mga kagamitang pampagtuturo kinakailangan na mayroong mahusay at malawak na kaalaman ang mga guro sa mga angkop na teknolohiya at pamamaraan na makapagbibigay ng malinaw na impormasyon na maiuugnay sa alinmang paksa na makatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang ikalawang indikektor, pagdedebelop, ay nakakuha ng over-all mean na 4.53 na may deskriptibong antas na napakataas na nangangahulugan na ang kagamitang pampagtuturo ay palaging napapalawak batay sa obserbasyon ng mga mag-aaral sa loob ng klase. Ang pinakataas na mean sa indikektor na ito ay nasa bilang na siyam na may pahayag na, *Ang guro ay nagbibigay ng pauna at pangwakas na pangkalahatang ideya ng talakayan sa*

klase., na may 4.59 na mean at minarkahan bilang napakataas na mayroong pagpapakahulugan na ang kagamitang pampagtuturo ay palaging napapalawak. Ang pinakamababang mean ay nasa bilang na ikalabing tatlo na may pahayag na, *Ang guro ay dumadalo sa mga tutorial na hinihiling sa kanya*, na mayroong 4.42 at minarkahan bilang napakataas.

Gayon din minarkahan ng napakataas na lebel ang mga sumusunod na bilang: sampo at labing isa na may 4.55 na mean sa bawat isa; bilang na ikalabing apat at ikalabing lima na may 4.54 na mean sa bawat isa; bilang na ikalabing tatlo na may mean na 4.49. At panghuli, ang mga sumusunod na bilang ay minarkahan na mataas at ito ay ang: isa at apat na may 4.58 na mean sa bawat isa; tatlo na may 4.57 na mean; anim at pito na may 4.55 na mean sa bawat isa; lima na may 4.53 na mean; ikalawa na may 4.51 na mean; at ikalabing anim at ikalabing pito na may 4.50 na mean sa bawat isa.

Sa resultang ito ipinakita ang pagdedebelop ng epektibong kagamitang pampagtuturo kinakailangan na ang mga guro ay magkaroon ng malawak na kaalaman at magkaroon ng interaksyon sa mga mag-aaral gamit ang mga kagamitang pampagtuturo na naaayon sa kaalaman ng mag-aaral. Dagdag nito ay kinakailangan na malinaw na naiuugnay ang paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo sa propesyunal na kapaligiran at nakapanghihikayat ito sa interest ng mga mag-aaral upang makilahok sa anomang gawain sa kanilang pagkatuto. Ito ay pinatunayan sa isinagawang pag-aaral nila George at Amadi (2016) upang makabuo ng mga mabisang kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa akademikong pag-unlad, ang nagtuturo ay dapat magkaroon ng sapat na mga kasanayan.

Ang ikatlong indikektor, resulta o kinalabasan, ay nagpapahayag ng napakataas na lebel na may over-all mean na 4.53 na nangangahulugan na ang kagamitang pampagtuturo ay palaging napapalawak batay sa obserbasyon ng mga mag-aaral.

Pinakamataas na mean sa indikektor na ito ay nasa bilang na apat na may pahayag na, *Ang guro ay ginagamit ang kurikulum na may kakayahang umangkop para sa isang mas mahusay na uri ng klase* ; at bilang pito na may pahayag na, *Ang guro ay inilalapat ang pamantayan sa pagtatasa ng mga aktibidad nasa kurikulum* , na may 4.58 na mean sa bawat isa na minarkahan bilang napakataas na nangangahulugan na ang kagamitang pampagtuturo ay palaging napapalawak. Ang pinakamababang mean sa ay nasa bilang isa na may pahayag na, *Ang guro ay ipinapaalam sa mga mag-aaral ang mga kakayahan*, na may mean na 4.43 at minarkahan ng napakataas din. Gayon din minarkahan ng napakataas na lebel ang mga sumusunod na bilang: anim na may mean na 4.55; lima na may mean na 4.54; tatlo na may mean na 4.46.

Pinagtibay ang resultang ito sa pananaliksik na isinagawa nila Pozo, Bretones, Martos at Alonso (2011) ang mga resulta o kinalabasan sa mga tuntunin ng mga layunin sa edukasyon, ay tumutukoy sa mga nakamit ng mga mag-aaral, at sa aspetong kinasasangkutan ng rebisyon at pagpapabuti ng aktibidad ng pagtuturo, panlabas na pagkilala sa mga tungkulin sa pagtuturo, at paglikha ng mga kagamitang pampagtuturo. Ang pagbibigay sa mag-aaral ng mahalagang feedback sa kanilang pag-unlad na natutunan at pagtulong sa kanila sa mga problema sa pag-aaral ay dapat na ikunsidera ng guro para sa

akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral (Bloom, Madaus, at Haston, 1981, Stiggins, 2002).

Lebel ng Akademikong Pag-unlad

Inilahad sa ikatlong talahanayan ang lebel ng akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral na may indikaytor na marka. Ang datos ay batay sa kabuuang marka ng mga mag-aaral na nagsilbing respondent sa pananaliksik na ito.

Ang lebel ng akademikong pag-unlad batay sa marka ay nakakuha ng grand mean na 89 na binigyan ng deskriptibong lebel na katamtaman nangangahulugan na ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ay minsa naipamamalas.

Base sa naging resulta, ang marka ay nagpapakita na ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral ay nasa katamtaman na maaaring tumaas at maaaring bumaba dahil sa mga salik na mayroong deriktang nakakaapekto sa kanilang pagkatuto. Pinatunayan sa pananaliksik na isinagawa nina Snowman at Beihler (2003) na ipinapaalam ng marka ang natamong antas ng akademikong pag-unlad na nakuha ng mga mag-aaral base sa kanilang pagkatuto. Ang marka ang deriktang naaapektuhan sa anomang salik sa pang-akademikong pag-unlad.

Talahanayan 3

Lebel ng Akademikong Pag-unlad

Akademikong		
Pag-unlad	Mean	Pagpapakahulugan
Marka	89	Katamtaman

Liyenda:

Panukatan	Paglalarawan
96.00-100.00	Napakataas
91.00-95.00	Mataas
86.00-90.00	Katamtaman
81.00-85.00	Mababa
75.00-80.00	Pinakamababa

Makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kagamitang Pampagtuturo at Akademikong Pag-unlad ng mga mag-aaral

Ipinakita sa talahanayan 4 ang pagsusuri hinggil sa walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kagamitang pampagtuturo at akademikong pag-unlad. Ang malayang baryabol na kagamitang pampagtuturo ay may grand mean na 4.53 habang ang di-malayang baryabol na akademikong pag-unlad naman ay nakakuha ng 89 bilang grand mean nito.

Ang correlation balyu (R-value) ay 0.069 at ang P-balyu ay 0.556 na mas mataas kaysa sa 0.05 na pagkamakabuluhan nito. Ito ay nangangahulugan na ang null haypotesis ay hindi rejected. Ibig sabihin walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kagamitang pampagtuturo at akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa UM Panabo College.

Maaaring napapalawak ng mga guro ang paggamit sa mga kagamitang pampagtuturo sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral, subalit hindi sa lahat ng pagkakataon ito'y epektibo na kung saan ay may mga ibang indikektor na nakakaimpluwensya sa akademikong pag-unlad ng isang mag-aaral.

Sa mga isinagawang iba't ibang pag-aaral sa mga salik na nakakaapekto sa akademikong pag-unlad o nakamit ng mga mag-aaral sa mga paaralan, kolehiyo at unibersidad. Ang ilan sa mga kadahilanan na natukoy at naiulat na naaapektuhan ang pagganap ng akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa iba't ibang mga setting na tulad ng: pagsisikap ng mag-aaral, dating pagganap na pang-edukasyon, pagganyak sa sarili, katayuan sa pang-ekonomiya ng mga magulang ng mga mag-aaral, edad ng mga mag-aaral, bilang ng mga oras ng pag-aaral bawat araw, mga puntos sa pagpasok, iba't

